PAGTAGUYOD SA TIWALA:

MGA MUSLIM AT PISIKAL NA MUNDO

MGA TAGAPAMAHALA NG MUNDO

Nang likhain ng Diyos ang tao, ipinagkatiwala Niya rito ang pasanin ng makatwirang pag-iisip at malayang kalooban. Sa lahat ng Kanyang nilikha, ang sangkatauhan lamang ang nagdala ng pasanin at karangalang ito. Mahigit isang libo at apat na raang taon na ang nakalipas, sinabi ng Propetang si Muḥammad sa kanyang mga Kaibigan na huwag mag-aksaya ng tubig kahit nakatira sila sa tabi ng ilog. Itinuro niya na kung magtatanim ng binhi ang sinumang Muslim kung saan makakakuha ng pagkain ang isang tao o hayop, gagantimpalaan siya na para bang nagbigay siya ng ganoon karaming pagkain sa kawanggawa. Sinabi Niya: "Kahit pa nalalapit na ang Huling Oras at ang isa sa inyo ay may hawak na binhi ng palma, samantalahin niya ang kahit isang segundo bago ang Oras upang itanim ito."

Minsan, habang naglalakad, nadaanan ni Muḥammad ang isang kamelyong halatang hindi nakakakain nang sapat. Ipinaalala niya sa may-ari nito na "Matakot sa Diyos sa pagtrato sa mga maamong hayop na ito."

Hindi lamang ginagampanan ng mga kilusan tulad ng Misali Marine Conservation and Mangrove Rehabilitation sa Zanzibar, Tanzania at ng Canal Rehabilitation and Kashmir Valley Reforestation sa Pakistan ang kanilang tungkuling pangalagaan ang kapaligiran, ngunit nagsasagawa rin sila ng lubos na hinihikayat na pagkilos ng pagsamba.